AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**READING FOR GRADES 3-6**

**Aralin 16**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ang Kaibigan Kong si Mabini" na isinulat ni Becky Bravo****. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 16** |
|---|
| Book Title: Ang Kaibigan Kong si Mabini |
| Author: Becky Bravo |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**

Magandang Araw! 😄☀ Andito muli si Teacher _______. Sa araw na ito, magbabasa tayo ng isa na namang bagong libro ito ay may pamagat na: 📚Ang Kaibigan Kong Si Mabini 📚 ni Becky Bravo.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽

Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na ating:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Huwag nating kakalimutan!

**III. Talasalitaan** 💬

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento, baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Paunlakan -** pagbibigay o pagtanggap sa alok, kahilingan, o imbitasyon
**(2) Napabigwas -** biglaang suntok o dagok
**(3) Daop-palad -** mas makilala pa ang isang tao bilang kaibigan
**(4) Himok -** hikayat o udyok ng isang tao
**(5) Uriratin -** mausisa o mapagtanong o mapanuri

Atin nang simulan ang kwento!
--

**IV.📚 ANG KAIBIGAN KONG SI MABINI NI BECKY BRAVO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Pambihira talaga itong si Mabini 👦🏽.

•Simula nang mag-umpisa ang aming unang taon dito sa paaralan 🏢 ni Padre Malabanan 👨🏽, hindi ko pa siya naririnig na magsalita, maliban na lamang kung guro 👨🏻‍🏫 ang kaniyang kausap 🗣️. Kaming mga kaklase niya, masuwerte kung paunlakan ng tatlong kataga,

•Narinig ko sina Manolo 👦🏽 na anyayahan siyang mananghalian, at si Mabini'y 👦🏽 umiling lamang. Pang-ilang ulit na ito sa loob ng isang buwan. Matagal ko na siyang pinagmamasdan. Tulad ng dati, oras na magsilayas ang maliligalig naming kamag-aral, ilalabas na niya ang kaniyang baong tinapay🍞 at isusubsob ang kaniyang ulo sa isang makapal na libro. 📕

•"Mabini. 👦🏽", tawag ko sa kaniya. Napabigwas siya sa gulat, nilingon ako pero hindi pa rin umimik. "May palayaw ka ba?", tanong ko 🤔. "Pol? Apol? Puling? Ang hirap kasing bigkasin ng pangalan mo.", dugtong ko 😅. "A-po-li-na-rio - ang haba. 'di katulad ng sa akin. Primo. Ako nga pala si Primo 👦🏽, kumusta ka?" Nakipagkamay🤝 naman siya at ngumiti. Wala siguro siyang palayaw. 🤔

•Kakaiba talaga itong si Mabini 👦🏽. Ayaw na ayaw niyang makihalubilo. Kahit anong himok sa kaniyang sumama sa mga sayaw at pista, mas gusto pa raw niyang magbasa 📖🧐. Hindi kaya siya nauumay sa pag-iisa? 🤔

•Isang araw ☀️, binulungan ako ng kaklase naming si Toñito 👦🏽. "Bakit ka nga ba nakikipagkaibigan diyan sa probinsyano? 🤔 Katawa-tawa nang manamit 👕, saksakan pa nang kimi. Sasampung salita pa lamang ang naririnig ko riyan mula nang magsimula ang pasukan. Purol din siguro ang utak 🧠 niyan, pustahan. Ngunit kinain din ni Toñito 👦🏽 ang kanyang mga salita.

•Bago pa man matapos ang aming klase sa Geograpiya, pinahanga 😮 kaming lahat ng probinsiyano. Noong araw ☀️ na iyon, siya ang napagdiskitahang uriratin ng bugnutin naming guro 👨🏻‍🏫. Ngunit nauwi lamang ito sa pagkabigo, nang matuklasang sinaulo ni Apolinario 👦🏽 ang libro 📖 mula umpisa hanggang dulo.

•Dumating ang panahon ng premio, at pinuntahan ni Padre Malabanan 👨🏽 ang bawat klase upang ianunsiyo ang patimpalak na ito. Hindi ako nagdalawang-isip nang hilingin niyang magtaas ng kamay ang mga nais lumahok 🙋‍♂️🙋‍♀️. Lumingon-lingon ako upang alamin kung sino-sino ang mga kasama kong sasali. Nakita kong isa rito si Mabini 👦🏽. Nilapitan ko siya pagkatapos ng klase. Sa lahat ng aking mga kamag-aral, isa siya sa mga itinuturing kong karibal sa pag-aaral. "Pagbutihin mo.", ang sabi ko sa kaniya, "Ikaw rin.", sagot naman niya at nagdaop-palad 🤝 kaming dalawa.

•Ngunit ang pinagpala nang taong iyon sa premio ay ang kaklase naming si Diego 👦🏽. Nakamit niya ang gantimpala sa Gramatica Latina y Castellana, at pati na rin sa Analisis y Traduccion Latina 🏆🏅. Mainit namin siyang binati. Patuloy naman kaming magpupursigi ni Mabini. Sa susunod na mga taon, baka kami naman ang magwagi. 🏆

•Isang araw ☀ ay aking nakakwentuhan si Padre Malabanan. Nabanggit ko sa kaniya si Mabini at ang hilaw naming pagkakaibigan. "Kadalasan ako lamang po ang nagsasalita.", tatawa-tawa 😅 kong kuwento. "Naku, iho," ang sagot niya, "nasisiguro ko na hindi man niya alam kung paano ito ipakita, malaki ang kaniyang pasasalamat sa pakikipagkaibigan mo sa kaniya."

•Nalaman ko kay Padre Malabanan 👨🏽 ang tinitiis na hirap 😖 ng mga magulang ni Mabini 👦🏽, mabigyan lamang siya ng pagkakataong mag-aral 📝 sa Tanauan. Mula noon, sinikap kong bawasan ang kapipilit ko sa kaniyang lumabas at maglibang.

•Pangatlong taon na namin sa paaralan nang makamit ni Mabini 👦🏽 ang premio sa Historia Universal de España y Filipinas en particular 🏆. Anong ngiti☺ niya noong araw na iyon nang paligiran siya ng mga kaklase naming isa-isang nakipagkamay 🤝 sa kaniya at hinangaan ang suot niyang medalya. 😮🥇
--
Natapos rin natin! Ang galing!

**V. Gawain** ✏
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎Sino ang dalawang magkaibigan sa istorya?

🔎 Natatandaan mo pa ba kung ano ang ginagawa ni Mabini kapag umalis na ang kanyang kaklase?

🔎 Noong tinanong ni Primo 👦🏽 ang palayaw ni Mabini 👦🏽, tatlong palayaw ang kanyang nabanggit. Natatandaan mo pa ba ang mga ito?

🔎 Sino ang kaklase nilang pinalad na gantimpalaan ng Gramatica Latina y Castellana, at pati na rin sa Analisis y Traduccion Latina? 🏆🏅

🔎 Anong premyo 🥇 ang nakamit ni Mabini 👦🏽 noong ika-tatlong baitang niya?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan 🤔🤔ang tanong na ito:

Ano ang kaya mong gawin upang iyong makamit ang mga inaasam na parangal 🥇 sa eskwelahan 🏢? 🤔

Ano man ang sagot, laging tandaan na ang ating mga natatanggap na medalya 🥇 at papuri ay bunga ng ating pagsusumikap mag-aral 📚✏ at hindi basehan ng ating kakayahan bilang tao. Huwag din sana nating kalimutang pasalamatan 🙏 ang ating mga magulang at ang Diyos sa kanilang paggabay sa atin.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏
🔎Ang dalawang magkaibigan sa istorya ay sina Primo 👦🏽 at Mabini. 👦 Maaari mo bang isulat ang pangalan ninyo ng iyong matalik na kaibigan? 🤔

🔎Inilalabas ni Mabini 👦🏽 ang kaniyang baong tinapay 🍞 at isusubsob ang kaniyang ulo sa isang makapal na libro. 📕 Anong pagkain ang madalas pinapabaon sa iyo nila Nanay at Tatay? 🤔

🔎Ang mga palayaw na nabanggit ni Primo 👦🏽 kay Mabini 👦🏽 ay Pol, Apol, at Puling. Maaari mo bang isulat ang palayaw ninyo ng iyong matalik na kaibigan? 🤔

🔎Ang pinagpala nang taong iyon sa premio ay ang kaklase nilang si Diego. 👦🏽Anong subject ka mahusay? 🤔

🔎Si Mabini 👦🏽 ay nagkamit ng premio sa Historia Universal de España y Filipinas en particular. 🥇 Masaya ka rin ba tuwing nakakatanggap ka ng mga parangal at papuri? 🤔

**VIII. Pagtatapos**✔️
May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤

-
This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.